Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

# PATNUBAY SA MISA

**12 Mayo 2024 Dakilang Kapistahan ng Pag-akyat sa Langit ng Panginoon Taon B**

IKA-58 LINGGO NG KOMUNIKASYONG PANDAIGDIG

ARAW NG MGA INA

## *Paglahok sa Pagtatatag ng Kaharian ng Diyos*



*Ang pag-akyat ni Hesus sa langit ay siyang sukdulan ng kanyang kaluwalhatian, ngunit di naman nangangahulugang pinutol na niya ang kanyang pakikipag-ugnayan sa atin. Ibig lamang sabihing habang siya pa rin ang dakilang "protagonista" sa kasaysayan ng kaligtasan, pansamantala niyang ipinagpaparaya sa ibang bumubuo sa Simbahan ang matamang paglahok sa pagtatatag ng Kaharian ng Diyos.*

*Lahat tayo'y kasali sa ganitong dakilang pagsisikap na siyang buod ng plano ng Diyos para sa sangkatauhan. Tumutulong tayo rito sa pagpapahayag ng Ebanghelyo at sa pamumuhay bilang mga tunay na Kristiyano.*

*Ngayo'y ipinagdiriwang din natin ang ika-58 Pandaigdigang Araw ng Komunikasyon. Ipagdasal natin ang lahat ng mga "media practitioners," lahat ng nasa social media at mga social media influencers, gayundin ang lahat ng nakikinabang o naaapektuhan ng kanilang ginagawa.*

*Ito din ay isang magandang pagkakataon upang ipakita natin ang pagmamahal at utang na loob sa ating mga ina, sa pagdiriwang natin ng Mothers' Day. Maaari natin itong patunayan di lamang sa paghahandog sa kanila ng mga bulaklak at paggiliw, kundi sa pamamagitan din ng pagdarasal para sa kanila, lalo na sa ating pagdiriwang ng Eukaristiya ngayon.*

## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Taga-Galileang tanan, ang inyong pinagmamasdang umakyat sa kalangitan ay magbabalik din naman. Aleluya, s'ya'y awitan!**

### Pagbati

***P*** – Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!

***B*** – **Amen!**

***P*** –Purihin si Hesus, ang dakila nating Panginoong naluluklok sa kanan ng Ama. Ang kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat!

***B*** – **At sumaiyo rin!**

### Pagsisisi

***P*** –Bilang paghahanda sa pagdiriwang ng pag-akyat sa langit ni Kristong Muling Nabuhay, gunitain natin ang nakahahadlang sa paglago ng ating buhay espirituwal. *(Manahimik saglit.)*

***P*** –Itinataas ka sa kanan ng Ama. Panginoon, kaawaan mo kami!

***B*** –**Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** –Ikaw ang pag-asa ng lahat ng nabubuhay at mga yumao. Kristo, kaawaan mo kami!

***B*** –**Kristo, kaawaan mo kami!**

***P*** –Sinugo mo ang iyong mga apostol para ipangaral ang Mabuting Balita sa lahat ng bansa. Panginoon, kaawaan mo kami!

***B*** –**Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

***B*** – **Amen!**

### Papuri

***B*** – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin,

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataastaasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

### Panalanging Pambungad

***P*–**Ama naming makapangyarihan, gawin mong kami ay magkaroon ng banal na kagalakan at makapagdiwang nang may utang na loob sapagkat ang iyong Anak na aming Manunubos ay siyang tagapaghanda ng aming pananahanan na kanyang pinanggalingan upang kami'y panguluhan at kanyang tinunguhan upang maging pag-asa kailanman ng sambayanan niyang kanya ring katawan bilang Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*–Amen!**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

### Unang Pagbasa *Gw 1:1-11*

*Nagsisimula ang Aklat ng mga Gawa kung saan nagtatapos ang mga Ebanghelyo nina Marcos at Lucas: sa pag-akyat ni Hesus sa langit. Ipinangako niya sa kanila ang pagdating ng Espiritu Santo at ang misyon nilang magpatotoo sa kanya hanggang sa dulo ng daigdig.*

***L*–**Pagbasa mula sa mga Gawa ng mga Apostol

**Mahal na Teofilo: Isinalaysay ko sa aking unang aklat ang lahat ng ginawa at itinuro ni Hesus buhat sa pasimula hanggang sa araw na siya'y umakyat sa langit. Bago siya umakyat, tinagubilinan niya, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ang mga apostol na kanyang hinirang. Pagkatapos ng kanyang pagbabata, maraming ulit siyang napakita sa kanila. Sa gayon, napatunayang siya'y buhay. Napakita siya sa kanila sa loob ng apatnapung araw at nagturo tungkol sa paghahari ng Diyos.**

**At samantalang siya'y kasamasama pa nila, kanyang tinagubilinan sila: "Huwag muna kayong aalis sa Jerusalem. Hintayin ninyo roon ang ipinangako ng Ama na sinabi ko na sa inyo. Nagbinyag nga sa tubig si Juan, ngunit di na magtatagal at bibinyagan kayo sa Espiritu Santo."**

**Kaya't nang magkasamasama si Hesus at ang mga alagad, nagtanong ang mga ito, "Panginoon, itatatag na ba ninyong muli ang kaharian ng Israel?" Sumagot siya, "Ang mga panahon at sandali ay itinakda ng Ama sa kanyang sariling kapangyarihan, at hindi na kailangan pang malaman ninyo kung kailan iyon. Ngunit bibigyan kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo, at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig."**


**Pagkasabi nito, siya'y iniakyat sa langit samantalang nakatingin sila sa kanya; at natakpan siya ng ulap. Habang sila'y nakatitig sa langit, dalawang lalaking nakaputi ang biglang tumayo sa tabi nila. "Mga taga-Galilea," sabi nila, "bakit kayo narito't nakatingala sa langit? Itong si Hesus na umakyat sa langit ay magbabalik tulad ng nakita ninyong pag-akyat niya."**

Ang Salita ng Diyos!
***B*– Salamat sa Diyos!**

### Salmong Tugunan *Awit 47*

***B* –Habang umaakyat ang D'yos, ang tambuli'y tumutunog!**

*R. M. Velez*




*** Magdiwang ang lahat ng mga nilikha, pumalakpak kayong may awit at tuwa! Bilang pagpupuri sa Diyos na Dakila! Ang Diyos na Poon, Kataas-taasan, ay dakilang haring dapat katakutan. Siya'y naghahari sa sangkatauhan. *B.***

*** Umakyat sa trono ang Panginoong Diyos, hatid ng tambuling malakas ang tunog; masayang sigawan ang ipinansuob. Purihin ang Diyos, siya ay awitan, awitan ang hari, siya'y papurihan! *B.***

*** Ang Diyos, siyang hari ng lahat ng bansa, awita't purihin ng mga nilikha! Maghahari siya sa lahat ng bansa, magmula sa tronong banal at dakila. *B.***

### Ikalawang Pagbasa *Ef 4:1-13*

*Narito ang isang napakagandang pagsusumamo at pagninilay sa pagtataas kay Kristo nang higit sa ano mang kapangyarihan.*

***L*–**Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso

**Mga kapatid:**

**Ako na isang bilanggo dahil sa Panginoon, ay namamanhik sa inyo na mamuhay kayo gaya ng nararapat sa mga tinawag ng Diyos. Kayo'y maging mapagkumbaba, mabait, at matiyaga. Magmahalan kayo at magpaumanhinan. Pagsumakitan ninyong mapanatili ang pagkakaisang mula sa Espiritu, sa pamamagitan ng buklod ng kapayapaan. Iisa lamang ang katawan at iisa rin ang Espiritu; gayon din naman, iisa lamang ang pag-asa ninyong lahat, dulot ng pagkatawag sa inyo ng Diyos. May isa lamang Panginoon, isang pananampalataya, at isang binyag, isang Diyos at Ama nating lahat. Siya'y higit sa lahat, gumagawa sa lahat, at sumasalahat.**

**Ang bawat isa sa ati'y binigyan ng tanging kaloob, ayon sa sukat na ibinigay ni Kristo. Ganito ang sinasabi ng Kasulatan.**

**"Nang umakyat siya sa kalangitan, nagdala siya ng maraming bihag, at nagbigay ng mga kaloob sa tao." Ano ang ibig sabihin ng "umakyat siya"? Ang ibig sabihin niyan ay bumaba muna siya rito sa lupa. Ang bumaba ay siya rin namang umakyat sa kaitaasan, sa kabila ng mga langit, upang malaganapan ng kanyang**

**kapangyarihan ang kalahat-lahatan. At ang iba'y ginawang apostol, ang iba'y propeta, ang iba'y ebanghelista, ang iba'y pastor at guro. Ginawa niya ito upang ihanda sa paglilingkod ang lahat ng hinirang, sa ikauunlad ng kanyang simbahan. Sa gayon tayong lahat ay magkakaisa sa pananampalataya at pagkakilala sa Anak ng Diyos at magiging ganap ang ating pagkatao ayon sa pagiging-ganap ni Kristo.**

Ang Salita ng Diyos!

*B* –**Salamat sa Diyos!**

**Aleluya** ***Mt 28:19a.20b***

*B* –**Aleluya! Aleluya!**
**Humayo't magturo kayo palaging kasama ako hanggang sa wakas ng mundo.**
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** ***Mc 16:15-20***

*Sa salaysay tungkol sa pag-akyat ni Hesus sa langit nagtatapos ang kanyang pagpapakita sa kanyang mga disipulo. Gayundin, pambungad ito sa "Panahon ng Simbahan" na siyang tuwirang karugtong ng mapangaral at mapagligtas na misyon ni Kristo.*

*P* –Sumainyo ang Panginoon!

*B* –**At sumaiyo rin!**

*P* –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos

*B* – **Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Noong panahong iyon: Napakita si Hesus sa Labing-isa at sinabi sa kanila, "Humayo kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ninyo sa lahat ang Mabuting Balita. Ang sumampalataya at mabinyagan ay maliligtas, ngunit ang hindi sumampalataya ay parurusahan.**

**Ang mga sumasampalataya ay magtataglay ng ganitong tanda ng kapangyarihan: sa pangalan ko'y magpapalayas sila ng mga demonyo at magsasalita ng ibang wika; sila'y hindi maaano, dumampot man ng ahas o uminom ng lason; at gagaling ang mga maysakit na mapatungan ng kanilang mga kamay."**

**Pagkatapos magsalita sa kanila, ang Panginoong Hesus ay iniakyat sa langit, at lumuklok sa kanan ng Diyos.**

**Humayo nga ang mga alagad at nangaral sa lahat ng dako. Tinulungan sila ng Panginoon sa gawaing ito. Pinatotohanan niya ang Salitang kanilang ipinangangaral sa pamamagitan ng kapangyarihang gumawa ng himala, na ipinagkaloob niya sa kanila.**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

*B* –**Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

## Homiliya

## Sumasampalataya

*B*– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

## Panalangin ng Bayan

*P* –Ipinagugunita sa atin ng Pag-akyat ng ating Panginoon ang atin ring pinakaaasam. Ipinaaalaala rin nito ang ating tungkuling magsikap para sa pagtatatag ng Kaharian ng Diyos sa lupa sa pamamagitan ng tapat na Kristiyanong pamumuhay. Sa kabila ng ating kahinaan, manalangin tayo:

*B* –**Panginoon, dinggin mo kami!**

* Para sa Simbahan at mga namumuno rito: Nawa'y maging tapat sila sa pagtupad sa kanilang misyong akayin ang sangkatauhan sa patuloy na moral at espirituwal na pagsulong. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga naaakit sa makamundong pagpapahalaga hanggang sa sila'y makalimot sa mga pagpapahalagang makalangit: Nawa'y maakit sila ng ating mabuting halimbawa upang itaas nila ang kanilang mga hangarin. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga nasasadlak sa pagkakasala: Nawa'y dinggin nila ang panawagan ni Kristong umakyat sa langit para sa isang tapat na pagbabalik-loob at pagpupunyagi sa mabuting gawa. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng mga *media practitioners, social media influencers* at lahat ng mga nasa daigdig ng komunikasyong panlipunan: Nawa'y makatulong sila sa kanilang propesyon para sa ikaaangat ng lahat ng tao at para sa pagtataguyod ng kapayapaan at katarungan sa buong daigdig. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng ina sa buong mundo: Nawa sila ay maging malakas at malusog para makatupad sa kanilang mga tungkulin nang may pagmamahal at katapatan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng mga pari, mga relihiyoso at relihiyosa: nawa'y lumago sila sa kanilang bokasyon sa pamamagitan ng proseso ng paghubog at pagsasanay upang silang lahat ay maging mga kapani-paniwalang saksi at tagapagpatunay sa Ebanghelyo. Manalangin tayo! ***B.***

*P* –Panginoong Hesus, ituon mo ang aming mga puso sa "dakilang pag-asa" na ipinananawagan mo sa amin. Pagsikapan nawa naming maitatag dito sa lupa ang Kaharian ng katarungan, kapayapaan, at pagmamahal na ipinarito mo para itatag, ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman.

*B*–**Amen!**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

*P*– Manalangin kayo . . .

*B*– **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

***P*** **–** Ama naming Lumikha, pakundangan sa pag-akyat ng Anak mong mahal ginaganap namin ang paghahain nang may kapakumbabaan at ipagkaloob mong sa ganitong pagpapalitan ng mga kaloob mo at ng aming mga alay kami ay makasalo sa pagkabuhay at pag-akyat sa kalangitan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*** **– Amen!**

### Prepasyo ng Pag-akyat sa Langit I

***P*** –Sumainyo ang Panginoon!
***B*** –**At sumaiyo rin!**
***P*** –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!
***B*** –**Itinaas na namin sa Panginoon!**
***P*** –Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!
***B*** –**Marapat na siya ay pasalamatan!**
***P*** – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Kasamaa't kamatayan matapos na lupigin ng Anak mong si Hesus na Panginoon namin, siya ngayo'y umakyat sa iyong piling bilang Haring dakilang sinasamba ng mga anghel. Siya ang aming tagapamagitang nakikiusap sa iyo para sa tanan. Siya ang tagapasya sa lupa't kalangitan. Hindi niya iwinaksi ang aba naming pagkatao sa pagluklok sa kanan mo. Sapagkat kami ang katawan at siya ang ulo, ang pag-akyat niya'y katiyakang sasapit kami sa iyo.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B*** **– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

### Pagbubunyi

***B*** **– Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

## PAKIKINABANG

***B*** **– Ama namin . . .**
***P*** – Hinihiling namin . . .
***B*** **– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B*** **– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P*** – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B*** **– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Palaging kasama ako, palaging kapiling ninyo hanggang sa wakas ng mundo, ang sabi ni Hesukristo. Aleluya, awit sa'yo!**

### Panalangin Pagkapakinabang

***P*** –Ama naming mapagmahal, pinagkakalooban mo kami ng pagkakataon na akuin sa lupa ang ginagawa mo at nilalayon. Gawin mong ang loobin namin ay matuon sa iyong pinagluluklukan sa Anak mo ngayon upang kaparis naming tao sa piling mo siya'y mamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*** –**Amen!**

## PAGWAWAKAS

***P*** –Sumainyo ang Panginoon.
***B*** –**At sumaiyo rin!**

***P*** –Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*
–Naniniwala kayong naluluklok si Hesus sa kanan ng Ama. Magalak nawa kayong siya ay kasama rin ninyo hanggang sa wakas ng panahon.
***B*** –**Amen!**

***P*** –Lingapin nawa kayo ng Diyos nang buong paggiliw ngayong pag-akyat sa langit ng Kanyang bugtong na Anak upang ipaghanda kayo ng lugar doon.
***B*** –**Amen!**

***P*** –Tibayan nawa kayo ng biyaya ng Diyos sa pagtupad ninyo sa pagiging mga sugo at saksi ng Ebanghelyo.
***B*** –**Amen!**

***P*** –Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
***B*** –**Amen!**

***P*** –Humayo kayo sa kapayapaan ni Kristong niluwalhati.
***B*** –**Salamat sa Diyos!**

Live this month with intensity with the help of some Marian pamphlets:



# PAGLISAN O PANANATILI?

*Kalakbay at Katoto*

**Araw-araw, libo-libong Pinoy ang lumilisan,** nagpapaalam, at nagtatagubilin sa mga kamag-anak na naiiwanan.

Iisa lamang ang kahulugan nito na may kinalaman sa pista natin sa araw na ito – ang pag-akyat ng Panginoon sa langit at pagluklok niya sa kanan ng Ama. Sanay o bihasa ang Pinoy sa paglisan. Bihasa ang Pinoy na mangibang-bansa, makipagsapalaran, at lisanin ang kanilang mahal sa buhay.

Isang pang-araw-araw na pangitain sa mga paliparan natin ang tanawing ito – ang mag-anak na sama-sama sa huling pagkakataon upang magpaalam sa isa't isa. At sa pagpapaalam na ito, matindi ang mga huling habilin, ang mga paalaala sa mga bata, ang mga huling utos, kumbaga, at mga matinding mga tagubilin lalu na sa mga musmos na maiiwan.

Madaling isipin na ang pista natin sa araw na ito ay walang iniwan o walang kaibahan sa larawang ito ng huling pagtatagubilin ng isang ina o ama sa kanyang mga anak.

Ito ay totoo . . . nguni't hindi ganap na totoo. **Ito ay isa ngang tunay na pagpapaalam nguni't ito ay higit sa isang pagpapaalam. Hindi ito isang makabagbag-damdaming paglisang ganap na para bagang wala nang kinalaman ang Panginoon sa kanyang mga iniwan.**

Hindi ito katumbas ng isang "mi ultimo adios" ni Jose Rizal. At lalong hindi na ito ay may kinalaman sa isang listahan ng mga habilin na dapat isapuso, isaisip, at isadiwa ng mga lilisanin.

Ang pag-akyat ng Panginoon sa langit ay hindi isang paglisan ayon at katulad sa ating kaalaman at karanasan. **Ang pag-akyat ng Panginoon ay isang bagong uri ng pananatili . . . isang pananatiling hindi nakatali sa pisikal na anyo ng muling nabuhay na si Jesus, ni hindi nakatuon sa pangkatawang pananatili ng Panginoon, kundi isang pananatiling nagpapalawig, nagpapalawak, at nagpapalalim ng kanyang pananatiling mapangligtas sa piling ng kanyang bayan.**

Sa paglisan ng isang ina o ama mula sa Pilipinas, tagubilin at habilin lamang ang nag-uugnay sa lumisan at iniwanan. Hindi maipagkakailang wala ang magulang at nasa malayo. Kahit na araw-araw mag-zoom o video-call, hindi maipagkakailang nagkalayu-layo ang mag-anak, at walang anuman ang maaaring magbigay ng extension, ika nga, sa taong lumisan.

Ang pag-akyat ng Panginoon ay hindi ganito. **Sa kanyang pamamaalam, lalung lumawig ang pananatili ng Diyos sa piling natin . . . higit sa lahat, dahil sa pananatilin ng Espiritu na nagbubunsod sa mga disipulo upang maging saksi ni Jesus at tagapaghatid ng magandang balita.**

Ang pagiging saksi ni Jesus ay walang kinalaman lamang sa mga huling habilin. Ito ay isang paghamon na bunsod ng isang natatanging kaloob – ang pagbaba ng Espiritu Santo. **Ang pag-akyat ni Jesus ay nangahulugang muling pagbaba ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu, na may kaakibat na mga kaloob na siya namang magpapalawig sa katawang mistiko ni Kristong muling nabuhay.**

Ang paglisan ni Jesus ay hindi madamdaming pamamaalam . . . **Ito ay pagpapanibago ng kanyang pananatili sa ibang paraan sa piling na kanyang bayan**. At ang kanyang pananatiling mapagligtas, ay hindi na lamang mahihinuha at makikita sa kanyang paggawa ng mga milagro at pagpapagaling sa Judea, Samaria, at Galilea at sa iba pang lugar. Ang pag-akyat ni Jesus ay nangahulugang ang magandang balita ng kaligtasan ay hindi na lamang niya tungkulin. Naging tungkulin ito at misyon ng buong simbahan, ng mga disipulo at mga tagasunod ni Kristo. **Ang paglisan niya ay pagpapanibagong uri ng kanyang pananatili sa pamamagitan ng dakilang gawain ng pagpapahayag ng magandang balita ng kaligtasan.**

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. B. Nolasco, Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua